Department of Education
Region X - Northern Mindanao
DIVISION OF CAGAYAN DE ORO
Fr. William F. Masterson, SJ Avenue, Upper Balulang, Cagayan de Oro City

# Aktibiti ng Pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang

SHARED OPTIONS

Senior High Alternative Responsive Education Delivery

Competence.Dedication.Optimism

# Preface

It has been elaborated in research and literature that the highest performing education systems are those that combine quality with equity. Quality education in the Department of Education (DepEd) is ensured by the learning standards in content and performance laid in the curriculum guide. Equity in education means that personal or social circumstances such as gender, ethnic origin or family background, are not obstacles to achieving educational potential and that inclusively, all individuals reach at least a basic minimum level of skills.

In these education systems, the vast majority of learners have the opportunity to attain high-level skills, regardless of their own personal and socio-economic circumstances. This corresponds to the aim of DepEd Cagayan de Oro City that no learner is left in the progression of learning. Through DepEd's flexible learning options (FLO), learners who have sought to continue their learning can still pursue in the Open High School Program (OHSP) or in the Alternative Learning System (ALS).

One of the most efficient educational strategies carried out by DepEd Cagayan de Oro City at the present is the investment in FLO all the way up to senior high school. Hence, Senior High School Alternative Responsive Education Delivery (SHARED) Options is

operationalized as a brainchild of the Schools Division Superintendent, Jonathan S. Dela Peña, PhD.

Two secondary schools, Bulua National High School and Lapasan National High School, and two government facilities, Bureau of Jail Management and Penology-Cagayan de Oro City Jail and Department of Health-Treatment and Rehabilitation Center-Cagayan de Oro City, are implementing the SHARED Options.

To keep up with the student-centeredness of the K to 12 Basic Education Curriculum, SHARED Options facilitators are adopting the tenets of Dynamic Learning Program (DLP) that encourages responsible and accountable learning.

This compilation of DLP learning activity sheets is an instrument to achieve quality and equity in educating our learners in the second wind. This is a green light for SHARED Options and the DLP learning activity sheets will continually improve over the years.

Ray Butch D. Mahinay, PhD
Jean S. Macasero, PhD

# Acknowledgment

The operation of the Senior High School Alternative Responsive Education Delivery (SHARED) Options took off with confidence that learners with limited opportunities to senior high school education can still pursue and complete it. With a pool of competent, dedicated, and optimistic Dynamic Learning Program (DLP) writers, validators, and consultants, the SHARED Options is in full swing. Gratitude is due to the following:

- Schools Division Superintendent, Jonathan S. Dela Peña, PhD, Assistant Schools Division Superintendent Alicia E. Anghay, PhD, for authoring and buoying up this initiative to the fullest;
- CID Chief Lorebina C. Carrasco, and SGOD Chief Rosalio R. Vitorillo, for the consistent support to all activities in the SHARED Options;
- School principals and senior high school teachers from Bulua NHS, Lapasan NHS, Puerto NHS and Lumbia NHS, for the legwork that SHARED Options is always in vigor;
- Stakeholders who partnered in the launching and operation of SHARED Options, specifically to the Bureau of Jail Management and Penology-Cagayan de Oro City Jail and the Department of Health-Treatment and Rehabilitation Center-Cagayan de Oro City;

- Writers and validators of the DLP learning activity sheets, to which this compilation is heavily attributable to, for their expertise and time spent in the workshops;
- Alternative Learning System implementers, for the technical assistance given to the sessions; and
- To all who in one way or another have contributed to the undertakings of SHARED Options.

Mabuhay ang mga mag-aaral! Ito ay para sa kanila, para sa bayan!

Ray Butch D. Mahinay, PhD
Jean S. Macasero, PhD

Writers:

1. Daisy Sabidor — Cagayan de Oro NHS
2. Teresa Mingo — Cagayan de Oro NHS

Editors/Validators:

1. Luz Binolhay — Gusa Regional SHS
2. Sol Aceron,PhD — EPS – Filipino, CID Division Office

Reproduction (LRMDS)

1. Gemma P. Pajayon - Project Development Officer II
2. Lanie M. Signo - Librarian II

JEAN S. MACASERO, PhD
EPS- SHS Coordinator

RAY BUTCH D. MAHINAY, PhD
MT-1 ALS Coordinator

LOREBINA C. CARRASCO
Chief, CID

ALICIA E. ANGHAY, PhD
Assistant Schools Division Superintendent

JONATHAN S. DELA PEŇA, PhD., CESO V
Schools Division Superintendent

# FILIPINO SA PILING LARANG

| ACTIVITY NUMBER | LEARNING ACTIVITY TITLE | DATE | SCORE | ITEM |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Pagkilala sa Kaibahan ng Akademiko at Di-Akademikong Pagsulat | | | |
| 2 | Pagsusulat: Layunin, Kahalagahan, Gamit o Pangangailangan | | | |
| 3 | Pagsusulat: Uri ng Pagsusulat | | | |
| 4 | Katangian ng Akademikong Pagsulat | | | |
| 5 | Mga Hakbang sa Pagsulat ng Abstrak | | | |
| 6 | Uri ng Paglalagom – Buod | | | |
| 7 | Pagsulat ng Sariling Buod sa Binasa | | | |
| 8 | Pagkilala sa Bionote | | | |
| 9 | Pagkilala sa Bionote (Karugtong) | | | |
| 10 | Adyenda | | | |
| 11 | Memo | | | |
| 12 | Pagsulat ng Katitikan ng Pulong | | | |
| 13 | Panukalang Proyekto | | | |
| 14 | Talumpati | | | |
| 15 | Paraan sa Pagsulat ng Talumpati | | | |
| 16 | Posisyong Papel | | | |
| 17 | Akademikong Sulatin – Replektibong-Sanaysay | | | |
| 18 | Pagsulat ng Replektibong Sanaysay | | | |
| 19 | Akademikong Sulatin – Lakbay-Sanaysay | | | |
| 20 | Pagkilala sa Lakbay-Sanaysay | | | |
| 21 | Akademikong Sulatin – Pictorial Essay o Larawang Sanaysay | | | |
| 22 | Pagtukoy sa Kahulugan , Layunin ,Gamit, at Katangian ng Pictorial Eassay /Larawang Sanaysay | | | |
| 23 | Pagbuo ng Malikhaing Portfolio ng mga Produktong Sulatin | | | |

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Pagsusulat | | |
| Paksang Pamagat: Akademiko at Di-Akademikong Pagsulat | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Nakikilala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng akademiko at di-akademikong pagsulat .<br>Nabibigyang –kahulugan ang akademikong sulatin.CS_FA11/12PB-0a-c-101 | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma: Filipino sa Piling Larang | LAS No.: 1 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ang salitang Akademiko ay mula sa wikang Europeo (Pranses : Academique,Medieval Latin: Academicus ) noong gitnang bahagi ng ika-16 na siglo.Tumutukoy ito sa edukasyon ,iskolarsyip ,institusyon,o larangan ng pag-aaral na nagbibigay-tuon sa pagbasa,pagsulat,pag-aaral kaiba sa praktikal o teknikal na gawain.(www.oxforddictionaries.com).Dahil pangunahing pinagtutuunan ng akademiya ang mga gawaing akademiko, ang mga gawaing labas dito ay tinatawag na di-akademiko. Kabilang sa mga halimbawa ng akademikong gawain ang pagbasa ng teksto sa klase, pakikinig ng lektyur,panonood ng video o dokumentaryo,pagdidiskurso sa klase o isang simposyum,pagsulat ng sulatin o pananaliksik.Samantalang di-akademikong gawain ang panonood ng pelikula o video upang maaliw ,pakikipag-usap sa sinuman ukol sa paksang di-akademiko, pagsulat sa isang kaibigan ,pakikinig sa radyo,pagbasa ng komiks ,magasin at diyaryo.

Narito ang mga pagkakaiba sa katangian ng akademiko at di-akademiko.

| Akademiko | Di-Akademiko |
|---|---|
| **Layunin**:<br>Magbigay ng ideya at impormasyon | **Layunin**:<br>Magbigay ng sariling opinyon |
| **Paaran o Batayan ng datos**:<br>obserbasyon , pananaliksik,at pagbabasa | **Paraan o Batayan ng Datos**:<br>sariling karanasan,pamilya, at komunidad |
| **Audience**:<br>iskolar,mag-aaral,guro (akademikong komunidad | **Audience**:<br>Iba't ibang publiko |
| **Organisasyon ng Ideya**:<br>Planado ang ideya , may pagkakasunud-sunod ang estruktura ng mga pahayag , magkakaugnay ang mga ideya | **Organisasyon ng Ideya**:<br>Hindi malinaw ang istruktura , hindi kailangang magkaugnay ang mga ideya |
| **Pananaw**:<br>Obhetibo; hindi direktang tumutukoy sa tao at damdamin kundi sa mga bagay ,ideya at facts ; nasa pangatlong panauhan ang pagkakasulat ; hindi direktang tumutukoy sa tao at damdamin at hindi gumagamit ng pangalawang panauhan | **Pananaw**:<br>Subhetibo;sariling opinyon, pamilya,komunidad ang pagtukoy ; tao at damdamin ang tinutukoy ; nasa una at pangalawang panauhan ang pagkakasulat |

**GAWAIN**: Basahin ang halimbawa ng sulatin at suriin kung anong uri ito; Akademiko o Di-Akademiko . Ipaliwanag kung bakit iyan ang napili mong sagot.

KARANASAN NG ISANG BATANG INA: ISANG PANANALIKSIK Gisella Mari A. Averion, Florentino L. Elic at Fernando A. Garcia BS in Psychology Abstrak

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang malaman at mabatid kung ano ang mga pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na aspeto: emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal. Ang sinabing pananaliksik ay sumailalaim sa quantitative method at ginamitan ng nonrandom convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mga mananaliksik base sa "convenience". Ang bilang ng mga respondente ay tatlumpo"t lima (35) na batang ina na may edad na labing-dalawa hanggang labing-walo na naninirahan sa Sta. Rosa Alaminos, Laguna. Ang lumabas na resulta ay walang pagkakaiba ang mean score ng anim na salik kapag grinupo sa antas ng huling pag-pasok, edad ng unang panganganak at kapag igrinupo sa pagkakakilanlan; kung ito ay tumigil o ipinag patuloy ang kanilang pag-aaral at mayroong pagkakaiba sa mean score sa emosyonal at sosyal na salik kapag igrinupo sa estadong marital.

Keywords: karanasan, batang ina, emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal, sosyal.

**Sagot :** ______________________________________________

**Paliwanag:** ______________________________________________


______________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Pagsusulat | | |
| Paksang Pamagat: Mga Layunin , Kahalagahan ,Gamit at Pangangailangan ng Pagsulat | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang mga gamit at pangangailangan ng pagsulat. CS_FA11/12PN-0a-c-90 | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma :Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. at https://brainly.ph/question/1516922# | LAS No.: 2 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

May limang layunin ang pasulat (1)Metalingual – ang layunin ng manunulat ay maiwasto ang pagkakamali ng wika o pagsulat at magkaroon ng pagkatuto sa tulong ng iba o sarili mismo. (2)Emotive - may layunin na maipahiwatig ng manunulat ang kanyang nadarama at saloobin sa pagsulat batay sa mga nasaksihang pangyayari, nakitang larawan at narinig. (3) Referential – ang manunulat ay maglalahad ng mga proseso at hakbangin ng isang gawain. (4) Persuasive – ang manunulat ay nagpapahiwatig ng kanyang pagkampi o pagsang-ayon sa pangangailangan, pagpapaliwanag o argumento. (5) Poetic/Creative – layunin ng manunulat na malinang ang kakayahan sa malikhaing pagsulat tulad ng pagtutuloy ng simula ng isang kwento.Ayon kay Arrogante (2000), May apat na uri ang kahalagahan ng pagsulat ang kahalagahang panterapyuteka, pansosyal, pang-ekonomiya at pangkasaysayan.Sa pagsulat may mga gamit at pangangailangan ito ay ang wika, paksa, layunin, pamamaraan sa pagsulat, kasanayang pampag-iisip at ang kasanayan sa paghabi ng buong sulatin.

**GAWAIN**: Isulat sa kahon ang limang layunin ng pasulat.




| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Pagsusulat | | |
| Paksang Pamagat: Mga Layunin , Kahalagahan ,Gamit at Pangangailangan ng Pagsulat | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang mga gamit at pangangailangan ng pagsulat. CS_FA11/12PN-0a-c-90 | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma :Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. at https://brainly.ph/question/1516922# | LAS No.: 2 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

May limang layunin ang pasulat (1)Metalingual – ang layunin ng manunulat ay maiwasto ang pagkakamali ng wika o pagsulat at magkaroon ng pagkatuto sa tulong ng iba o sarili mismo. (2)Emotive - may layunin na maipahiwatig ng manunulat ang kanyang nadarama at saloobin sa pagsulat batay sa mga nasaksihang pangyayari, nakitang larawan at naringig. (3) Referential – ang manunulat ay maglalahad ng mga proseso at hakbangin ng isang gawain. (4) Persuasive – ang manunulat ay nagpapahiwatig ng kanyang pagkampi o pagsang-ayon sa pangangailangan, pagpapaliwanag o argumento. (5) Poetic/Creative – layunin ng manunulat na malinang ang kakayahan sa malikhaing pagsulat tulad ng pagtutuloy ng simula ng isang kwento.Ayon kay Arrogante (2000), May apat na uri ang kahalagahan ng pagsulat ang kahalagahang panterapyuteka, pansosyal, pang-ekonomiya at pangkasaysayan.Sa pagsulat may mga gamit at pangangailangan ito ay ang wika, paksa, layunin, pamamaraan sa pagsulat, kasanayang pampag-iisip at ang kasanayan sa paghabi ng buong sulatin.

**GAWAIN**: Isulat sa kahon ang limang layunin ng pasulat.



| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Pagsusulat | | |
| Paksang Pamagat: Mga Uri ng Pagsulat | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang mga uri ng pagsulat. **CS_FA11/12PN-0a-c-90** Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong akademiko na may kaugnayan sa piniling sulatin **CS_FA11/12PT-0m-o-90** Naisasagawa nang mataman ang mga hakbang sa pagsulat ng mga piniling akademikong sulatin **CS_FA11/12PU-0d-f-92** | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan LAS No.3 et.al. | | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

**Mga Uri ng Pagsulat**

**1.Akademik** – Ito ay isang intelektwal na pagsulat dahil layunin nitong pataasin ang antas at kalidad ng kaalaman ng mga estudyante sa paaralan, hal. kritikal na sanaysay, pag-uulat , eksperimento , term paper o pamanahong papel , abstrak ng isang pananaliksik at iba pa.

**2.Teknikal** – isang uri ng tekstong ekspositori na nagbibigay ng impormasyon para sa teknikal o komersyal na layunin , hal :ulat panlaboratoryo ,kompyuter , feasibility study,

**3.Dyurnalistik** – saklaw nito ang pagsulat ng balita, editoryal, kolum, lathalain,artikulo, anunsiyo at iba pang akdang karaniwang makikita sa mga pahayagan o magasin.

**4.Reperensyal** – uri ng pagsulat na naglalayong magrekomenda ng iba pang sanggunian hinggil sa isang paksa. Bibliography, index, note cards , Review on Related Literature

5.**Propesyonal** – uri ng pagsulat na nakatuon o ekslusib sa isang tiyak na propesyon, hal. police investigative report legal forms medical report

**6.Malikhain** – masining ang uri ng pagsulat. Ang pokus dito ay ang imahinasyon ng manunulat bagamat maaaring piksyonal at di- piksyonal ang akdang isinusulat. **GAWAIN:** Basahin at kilalanin ang uri ng sulatin.

| | | |
|---|---|---|
| 1.Celebrity Doctor na si Joel Mendez Kulong sa Rape<br><br>Kasalukuyang nakakulong sa custodial and detention unit ng Mandaluyong City Police Station ang celebrity doctor na si Joel Mendez, matapos na arestuhin dahil sa kasong panggagahasa. | **2.KARANASAN NG ISANG BATANG INA:ISANG PANANALIKSIK**<br>Gisella Mari A. Averion, Florentino L. Elic at Fernando A. Garcia BS in Psychology<br><br>Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang malaman at mabatid kung ano ang mga pinagdadaan ng mga batang ina sa anim na aspeto: emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal at sosyal. Ang sinabing pananaliksik ay sumailalaim sa quantitative method at ginamitan ng non random convenient sampling, kung saan ang mga respondente ay pinili ng mga mananaliksik base sa "convenience". Ang bilang ng mga respondente ay tatlumpo't lima (35) na batang ina na may edad na labin-dalawa hanggang labing-walo na naninirahan sa Sta. Rosa Alaminos, Laguna. Ang lumabas na resulta ay walang pagkakaiba ang mean score ng anim na salik kapag pinangkat sa antas ng huling pagpasok, edad ng unang panganganak at kapag igrinupo sa pagkakakilanlan; kung ito ay tumigil o ipinag patuloy ang kanilang pag-aaral at mayroong pagkakaiba sa mean score sa emosyonal at sosyal na salik kapag igrinupo sa estadong marital. | **3.Katarungan**<br>*ni: Nene Cristobal*<br><br>Magagasgas lamang - mga lalamunan,<br>Nitong mga lobong lipad sa ulapan,<br>Marami man itong kanilang mga bilang,<br>Hinding-hindi naman tiyak pakikinggan.<br><br>Kahit na sa buwan itong hinanakit,<br>Ilipad ang daing, hinagpis at sakit,<br>Papuputukin lang ang pintog na ganid,<br>Matulis ang kuko ng hayok sa langit .<br><br>Sa paghahanap ko nitong katarungan,<br>Baka makarating sa kinabibilangan,<br>Nitong mga pigtas ang hingang nilalang,<br>Na naghihintay doon sa krus na daan. |
| 4.KABANATA II - MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG- AARAL<br><br>**MGA KAUGNAY NA LITERATURA GLOBAL**<br>Ano ang Kasaysayan ng Sistema ng K-12 na Edukasyon?<br>Pamilyar na ang karamihan sa ngayon sa sistema ng edukasyon na tinatawag na K 12. Binubuo ito ng labing tatlong grado, kindergarten hanggang ika-12 grado. Ang K-12 na sistema ng edukasyon aytumutukoy sa mga pampublikong sistema ng paaralan sa Estados Unidos, Canada, UK, at ilang mga bahagi ng Europa.<br>Mahirap tukuyin ang pinagmulan ng edukasyon dahil noon pa man ay may kinamulata nang edukasyon ang ating mga katutubo. Para sa mga layunin ng artikulong ito, talakayin natin ang sistemang k-12. Alam naman natin na ito ay napapanahon at naaangkop lalo na sa Estados Unidos. | | Panuto: Sagutin.<br>Anong uri ang sulatin bilang:<br><br>1.____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________ |

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat: Katangian ng Akademikong Pagsulat | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala at nasusuri ang mga halimbawa sa malikhaing pagsulat. **CS_FA11/12PN-0a-c-90** Nabibigyang-kahulugan ang akademikong pagsulat .**CS_FA11/12PB-0a-c-101** Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulatin.**CS_FA11/12EP-0a-c-39** | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. (source:http://myschoolworks.wordpress.com/category/komunikasyon-sa-akademikongpilipino/). (source: http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_kahulugan_ng_akademikong_teksto) | | LAS No.4 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN**

**Akademikong Pagsulat** - ito ay may sinusunod na partikular na kumbensyon. Ang layunin nito ay maipakita ang resulta ng pagsisiyasat o pananaliksik na ginawa. Ang akademikong pagsulat ay nangangailangan ng higit na mataas na antas ng mga kasanayan,mga halimbawa ng akademikong sulatin:Akademikong sanaysay, Pamanahong papel , Konseptong papel,Tesis,Disertasyon,abstrak,Book report,Aklat,Rebyu, Eksplikasyon(bahagi ng isang sulatin na nagbibigay ng impormasyon e.g.,terminolohiya), Artikulo(maaaring pahayagan, magasin atbp.), Bibliograpiya (annotated), Annotated na katalogo, Panunuring pampanitikan, Antolohiya, Pasalitang testimonya, Mga tinipong sulatin(e.g.,tula, sanaysay, at talumpati), opinyon, Mga rebyung pampanitikan. May limang katangian ang akademikong pagsulat, **(1) Obhetibo**- Ang mga datos ay batay sa kinalabasan ng pananaliksik. **(2)Pormal**- Iwasan ang paggamit ng kolokyal at balbal na salita.Gumamit ng pormal na salita na madaling maunawaan.**(3)Maliwanag at organisado**- Magkakasunud-sunod at magkakaugnay ang mga pangungusap.Nagtataglay ng kaisahan ang mga talata at gamit ng mga salita.**(4)May Paninindigan**- Ang layunin ay may mahalagang may paninindigan .**(5) May Pananagutan** -ang mga sanggunian ng nakalap na datos ay nararapat bigyan ng pagkilala.

**GAWAIN : Sagutin ang mga tanong.**

1. Ano ang kahulugan ng Akademikong Pagsulat
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________.
2. Magbigay ng sampung halimbawa ng akademikong pagsulat.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Uri ng Paglalagom - Abstrak | | |
| Paksang Pamagat: Mga Hakbang sa Pagsulat ng Abstrak | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nasusunod ang hakbang sa pagsulat ng Abstrak . Nakikilala ang mga katangian ng mahusay na sulating akademiko sa pamamagitan ng mga binasang halimbawa **CS_FA11/12PB-0m-o-102** | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. | LAS No. 5 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ang **abstrak** ay bahagi ng akademikong papel o ulat na pinakahuling isinusulat ngunit kadalasang unang binabasa ng mga propesor o mga eksaminer ng panel. Narito ang mga hakbang sa pagsulat **(1)**Basahing mabuti at pag-aralan ang papel **(2)**Hanapin at isulat ang mga pangunahing kaisipan o ideya sa bawat bahagi ng sulatin mula sa introduksyon ,kaugnay na literatura , metodolohiya resulta at kongklusyon.**(3)**Buuin gamit ang mga talata, ang mga pangunahing kaisipang taglay ng bawat bahagi ng sulatin. **(4)**Iwasang maglagay ng ilustrasyon, graph , table at iba pa. **(5)**Basahing mabuti ang abstrak.**(6)**Isulat ang pinal na sipi.

**Basahin ang halimbawa.**

**Sang Dosenang Pagdalumat-Feminismo sa mga Piling Akda**

**Maria Fe E. Gannaban**

**AbstraK**

Ang papel na ito ay isang pagdalumat sa mga naisagawang pag-aaral hinggil sa papel ng mga babaeng Pilipina sa iba't ibang genre ng panitikang Pilipino. Pinili ang labindalawang pananaliksik batay sa mga pagsusuring naisagawa na may kinalaman sa Feminismo,partikular ang papel na ginagampanan ng kababaihan sa lipunang Pilipino! Gayundin ang repleksyon ng Feminismo sa iba't ibang genre ng panitikan. Sinipat sa mga nabanggit na genre kung ano ang sinasabi ng mga teksto sa papel na nararapat gampanan ng kababaihan sa lipunang Pilipino at madalumat ang istatus ng mga babae sa pagbubuo ng bansang Pilipino. Tinangka ring dalumatin sa papel na ito ang iba't ibang papel na ginagampanan ng mga babaeng Pilipino. Inilahad ang ilang mahahalagang konsepto hinggil sa labindalawang pananaliksik at sinuri ito. Pagkatapos ay ang pag-classify o pag-cluster sa uri ng Feminismong pinaniniwalaan ng mga Pilipinong awtor. Ang paglalahad sa datos ay inayos nang paalpabeto. Pagkatapos, isinagawa ang pagsusuri sa bawat isa. Tinukoy ang uri ng Feminismo sa bawat pag-aaral batay sa kahulugang nakasaad sa iba't ibang uri ng Feminismo at dinalumat kung ito ay umiral o nangibabaw sa teksto ng pananaliksik.

**GAWAIN:** Sagutin ang mga katanungan.

1. Ano ang pamagat ng pananaliksik?
2. Ano ano ang mga genre ang dinalumat?
3. Bakit ang abstrak ang pinakahuling gagawin sa buong pananaliksik?

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
| Paksa : Uri ng Paglalagom – Buod | | |
| Paksang Pamagat: Mga Dapat Tandaan at Katangian ng Pagbubuod | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala at nasusunod ang mga dapat tandaan at katangian ng Pagbubuod.<br>Natutukoy ang mahahalagang impormasyong pinakinggan upang makabuo ng pagbubuod. **CS_FA11/12PN-0j-l-92**<br>Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin.**CS_FA11/12PU-0d-f-93** | | |
| Sanggunian: Pinagyamang pluma : Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. - https://brainly.ph/question/132569#<br>http://filipinoforfilipinos.blogspot.com/2016/04/ang-alibughang-anak-parabula.html | LAS No.6 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

**Pagbubuod**

**Ang pagbubuod** ay pagpapaikli ng nobela, kuwento, sanaysay, at iba pang panitikan kung saan ang tutukuying laman ay ang mahahalagang detalye at kaisipan. Ang teksto ay maaaring nakasulat,pinanood o pinakinggan . Sa pagbubuod, may pagkakasunod ang mga pangyayari sa mas maikling pagsasaad na maaring sa pamamagitan ng maikling sanaysay o pagbabanghay ng mahahalagang puntos upang mas madaling matandaan at maunawaan ng mambabasa o nakikinig. Ito ay may pangunahing detalye (o thesis statement) at maikling konklusyon. **Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Buod.(1)**Gumamit ng ikatlong panauhan sa pagsulat nito.**(2)**Isulat ito batay sa tono ng pagkasulat ng orihinal na sipi nito.**(3)**Isama sa pagbubuod ang pangunahing tauhan maging ang kanilang mga gampanin at suliraning hinaharap.**(4)**Tiyakingg wasto ang gramatika, baybay, bantas at pang-ugnay .**(5)** Hindi inuulit ang salita ng may-akda bagkus ay gumamit ng SARILING PANANALITA .Ito ay muling pagsulat .**(6)**Huwag kalimutang isulat ang sangguniang ginamit kung saan hinango o kinuha ang orihinal na sipi ng akda.

**Gawain:**

Panuto: Mag-isip ng isang kuwento na nalalaman mo at ito'y ibuod gamit ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng buod.

______________________________

Pamagat

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
______________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Uri ng Paglalagom – Buod | | |
| Paksang Pamagat: Pagsulat ng Sariling Buod sa Binasa | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nababasa at nasusuri ang kwento at nakasusulat ng sariling buod. Natutukoy ang mahahalagang impormasyong pinakinggan upang makabuo ng buod.**CS_FA11/12PN-0j-l-92** Naisasagawa nang mataman ang mga hakbang sa pagsulat ng mga piniling akademikong sulatin. **CS_FA11/12PU-0d-f-92** Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin .**CS_FA11/12PU-0d-f-93** | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. - **https://brainly.ph/question/772716#** | LASNo.7 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Buod**

1. Basahing mabuti ang buong akda upang maunawaang hanggang makuha ang buong diwa /kaisipan sa paksa.
2. Tukuyin ang pangungusap na nagpapahayag ng pangunahin at pinakamahalagang kaisipan ng talata.
3. Habang nagbabasa , magtala at kung maaari , magbalangkas.
3. Isulat ang buod sa paraang madaling unawain.
4. Gumamit ng SARILING PANANALITA huwag lagyan ng opinion o kuru kuro ang isinulat.
5. Hindi dapat lumayo sa diwa at estilo ng orihinal na akda.

GAWAIN : Sumulat ng isang alamat. Bumuo ng buod ayon sa mga nakatalang hakbang .

________________________________________

Pamagat

____________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
____________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Uri ng Paglalagom – Bionote | | |
| Paksang Pamagat: Pagkilala sa Bionote | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng bionote . Natutukoy ang mahahalagang impormasyong pinakinggan sa halimbawa ng bionote. **CS_FA11/12PN-0j-l-92** Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin .**CS_FA11/12PU-0d-f-93** | | |
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. - brainly.ph/question/589487) | LAS No.8 | |

https://brainly.ph/question/1196183

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ang **bionote** ay isang maiksing tala ng personal na impormasyon ukol sa sinumang magiging panauhin sa isang kaganapan (**event, seminar, symposium, mga patimpalak** ). Naglalahad ito ng mga kwalipikasyon ng isang tao o indibidwal at ng kaniyang kredibilidad bilang panauhin o bilang propesyunal. Maaari ring makita ito sa likuran ng mga pabalat ng libro, at kadalasan ay may kasamang litrato ng awtor o ng may-akda.

Ito ay maaaring **karaniwang isa o dalawang talata** lamang na naglalarawan sa taong paksa ng bionote. Ito ay dapat na isang **impormatibong talata** na siyang nagpapaalam sa mga mambabasa o makikinig kung sino ang taong paksa ng bionote o ano-ano ang mga nagawa ng paksa bilang propesyunal. Inilalahad din dito ang iba pang impormasyon tungkol sa paksa na may kaugnayan sa tatalakayin na kaganapan.

Basahin ang halimbawa :

ANGELIKA LOPEZ-CRUZ. Siya ay nakapagtapos ng kolehiyo sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo ng Musika sa nasabing eskwelahan. May dalawa siyang anak at sila ay naninirahan sa Lungsod ng Pasay. Hilig ni Angelika ang umawit at sumulat ng mga kanta tungkol sa kulturang Pinoy.

**GAWAIN**: Gumawa ng isang bionote gawing pattern ang halimbawa.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

| Pangalan: | Petsa: | Iskor: |
|---|---|---|
| Paksa : Uri ng Paglalagom – Bionote | | |
| Paksang Pamagat: Pagkilala sa Bionote (Karugtong) | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang bionote ayon sa katangian nito.<br>Natutukoy ang mahahalagang impormasyong pinakinggan upang makabuo ng bionote. **CS_FA11/12PN-0j-l-92**<br>Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin ang pagsulat ng bionote . **CS_FA11/12PU-0d-f-93** | | |

| | |
|---|---|
| Sanggunian: Pinagyamang Pluma:Filipino sa Piling Larang nina Ailene Baisa –Juilan et.al. - brainly.ph/question/589487) | LASNo.9 |

**Konseptong Pangnilalaman:**

**Narito ang mga katangian ng Bionote:**

1.Maikli lang dapat ang nilalaman nito.
2.Gumagamit ng ikatlong panauhan para hindi masyadong egocentric.
3.Kinikilala ang mga mambabasa o ang target market.
4.Gumagamit ito ng baligtad na tatsulok - tulad sa pagsulat ng mga balita at iba pang obhetibong sulatin, talagang inuuna ang pinakamahalagang impormasyon sa bionote.
5. Nakatuon sa mga angkop na kasanayan o katangian ang nilalaman ng bionote.
6.Binabanggit ang degree o tinapos ng paksa sa bionote.

**Gamit ng Bionote:**

1.Ginagamit ito para sa iba pa o mas kakaibang personal profile ng isang indibidwal ,tulad ng kanyang academic career at mga academic achievements, at iba pang impormasyon ukol sa kanya.

**GAWAIN:**Isulat sa patlang ang **T** kung ito'y tama ang pahayag at **M** kung ito'y mali ang pahayag.

_______________ 1. Sa bionote hindi binabanggit ang degree o tinapos ng paksa.

_______________ 2. Kinikilala ang mga mambabasa o ang target market.

_______________ 3. Maikli lang dapat ang nilalaman nito.

_______________ 4.Hindi ito gumagamit ng tatlong panauhan para hindi masyadong egocentric.

_______________ 5.Ginagamit ito para sa iba o mas kakaibang personal profile ng isang indibidwal.

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Adyenda | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Natutukoy ang mga hakbang sa pagsulat ng adyenda. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian) | LAS No.10 | |

Konseptong Pangnilalaman:


Ayon kay **Sudrapasert**( 2014), ang ***adyenda*** ang nagtatakda ng mga paksang tatalakayin sa pulong. Ang pagkakaroon ng maayos at sistematikong adyenda ay isa sa mga susi ng matagumpay na pulong. Napakahalagang maisagawa ito nang maayos at maipabatid sa mga taong kabahagi bago isagawa ang pulong. Narito ang ilang kahalagahan ng pagkakaroon ng adyenda ng pulong.

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Adyenda:**

1. Magpadala ng memo na maaaring nakasulat sa papel o kaya naman ay isang e-mail na nagsasaad na magkakaroon ng pulong tungkol sa isang tiyak na paksa o layunin sa ganitong araw, oras at lugar.
2. Ilahad sa memo na kailangan nilang lagdaan ito bilang katibayan ng kanilang pagdalo o kung e-mail naman kung kinakailangang magpadala sila ng kanilang tugon.
3. Gumawa ng balangkas ng mga paksang tatalakayin kapag ang lahat ng mga adyenda o paksa ay napadala na o nalikom na.
4. Ipadala ang sipi ng adyenda sa mga taong dadalo, mga dalawa o isang araw bago ang pulong.
5. Sundin ang nasabing adyenda sa pagsasagawa ng pulong

**GAWAIN**

Panuto: Isulat sa linya ang mga hakbang sa pagsagawa ng adyenda,gawing pabuod.



| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Memo | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Nakikilala ang uri ng sulating inilalarawan. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang (Zafra) | | LAS No.:11 |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ayon kay **Prof. Ma Rovilla Sudaprasert**, sa kanyang aklat n *English for the Workplace 3 (2014)*, ***ang memorandum o memo*** ay isang kasulatang nagbibigay kabatiran tungkol sa gagawing pulong o paalala tungkol sa isang mahalagang impormasyon, gawain, tungkulin, o utos.

Sa pangkalahatan, ayon din kay **Bargo** (2014), may tatlong uri ng memorandum ayon sa layunin nito, **(1)**Memorandum para sa kahilingan, **(2)** Memorandum para sa kabatiran **(3)**Memorandum para sa pagtugon.Mahalagang tandaan na ang isang maayos at malinaw na memo ay dapat na nagtaglay ng mga sumusunod na impormasyon:

1. Makikita sa letterhead ang logo at pangalan ng kompanya, institusyon o organisasyon.
2. Ang bahaging 'Para sa/Para kay/Kina ay naglalaman ng pangalan ng tao o mga tao, o kaya naman ay grupong pinag-uukulan ng memo.
3. Ang bahaging 'Mula kay' ay naglalaman ng pangalan ng gumawa o ngpadala ng memo.
4. Sa bahaging Petsa, iwasan ang paggamit ng numero gaya ng 11/25/18. Sa halip, isulat ang buong pangalan ng buwan o ang dinaglat na salita nito.
5. Ang bahaging *Paksa* ay mahalagang maisulat nang payak, malinaw at tuwiran upang agad maunawaan ang nais ipabatid nito.
6. Kadalasan ang mensahe ay maikli lamang ngunit kung detalyado dapat may: a. sitwasyon, b. problema, c . solusyon, d. paggalang o pasasalamat
7. Ang huling bahagi ay ang 'Lagda' ng nagpadala.

**GAWAIN**

Nakikilala ang uri ng sulating inilalarawan. Isulat ang tama kung wasto ang pahayag at mali naman kung hindi. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

_______1. Ang memo ay isang kasulatang nagbibigay kabatiran tungkol sa gagawing pulong o paalala tungkol sa isang mahalagang impormasyon, gawain, tungkulin, o utos.

______2.Ang pagsulat ng memo ay maituturing ding isang sining.

______3. Sa pangkalahatan, ayon din kay Bargo (2014), may apat na uri ng memorandum ayon sa layunin nito.

______4.Kapag napagtibay ay nagsisilbi itong opisyal at legal na kasulatan.

______5.Pangunahing layunin nito na pakilusin ang tao sa yiyak na alituntunin.

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Katitikan ng Pulong | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Naibibigay ang mahalagang impormasyon sa pagbuo ng sulatin sa katitikan ng pulong. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang (Zafra) | | LASNo.:12 |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ang opisyal na tala ng isang pulong ay tinatawag na ***katitikan ng pulong***. Ito ay kalimitang isinasagawa nang pormal, obhetibo, at komprehensibo o nagtataglay ng lahat ng mhahalagng detalyeng tinalakay sa pulong.

*Mahahalagang Bahagi ng Katitikan ng Pulong,* ***(1 )****Heading,* ***(2)*** *Mga Kalahok o dumalo* ***(3)*** *Pagbasa at Pagpapatibay ng nagdaang katitikan ng pulong* ***(4)*** *Action items o usaping napagkasunduan* ***(5)*** *Pabalita o patalastas* ***(6)*** *Iskedyul ng susunod na pulong* ***(7)*** *Pagtatapo* ***(8)*** *Lagda.*

**GAWAIN**

Ibigay ang hinihinging impormasyon sa bawat bilang.

1. Ano ang katitikan ngPulong (2pts) ________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2.Mahahalagang Bahagi ng Katitikan ng Pulong

a.____________________________________________________________________

b.____________________________________________________________________

c.____________________________________________________________________

d.____________________________________________________________________

e.____________________________________________________________________

f.____________________________________________________________________

g.____________________________________________________________________

h.____________________________________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Panukalang Proyekto | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Nakasusulat ng panukalang proyekto para sa pamayanan o paaralan. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang (Zafra) | | LAS No.:13 |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ayon kay Bartle *(2011), kailangan nitong magbigay ng impormasyon at makahikayat ng positibong pagtugon mula sa pinag-uukulan at kailangang tapat at totoo sa layunin nito.Mga Dapat Gawin sa Pagsulat ng* ***Panukalang Proyekto****: Ayon kina Jeremy Miner at Lynn Miner sa kanilang aklat na* ***A Guide to Proposal Planning and Writing,*** sa pagsasagawa ng panukalang papel, ay a. May Panimula ng Panukalang Proyekto, b. May Katawan ng Panukalng Proyekto at c. Paglalahad ng Benepisyo ng Proyekto at mga Makikinabang nito.

**PANUKALANG PROYEKTO**

I. **Pamagat:** Pagtatag ng Isang Samahan (Study Club) ng mga Mag-aaral na Senior High School ng Mataas na Paaralan Nasyonal ng Looc
II. **Lokasyon:** Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc
III. **Panahon ng Pagsasagawa:** Oktubre 2017- Marso 2018
IV. **Bilang ng Benipisyaryo:** Tinatayang Isang Libo at Limang Daan (1,500)
V. **Mga Tagapanukala:** John Kenneth Lim, Raymark P. Perez, Marlo S. Coching
VI. **Taong Kokontakin:** John Kenneth Lim - 09498421715
VII. **Tinatayang Halaga:** Php 5,000.00
VIII. **Pagkukunan ng Pondo:** Perang (registration fee) ibabayad ng mga mag-aaral na gustong sumali sa samahan

IX. **Pagpapahayag ng Suliranin**

**Pangkalahatang Tanong:**
Mahalaga nga ba ang pagbuo ng isang samahan sa Paghasa sa Kasanayan ng Mag-aaral sa Senior High School ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc.?

**Mga Tiyak na Tanong:**
1. Ano ang study club?
2. Anong klase ng samahan (study club) ang dapat itatag ng mga mag-aaral?
3. Sino-sino ang mga pwedeng sumali dito?
4. Anu-ano ang mga kailangan para makasali dito?
5. Ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa pagkakaroon ng isang samahan?

X. **Mungkahing Solusyon**
Iminungkahi n gaming pangkat na bumili ng school service van ang pamunuan ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc. Malaking tulong ito sa pag-aaral ng mga estudyante at sa trabaho ng mga guro. Mababawasan ang gastos sa transportasyon ng mga guro at mag-aaral sa tuwing pupunta sila sa ibang bayan at paaralan para lumahok sa mga aktibidad, seminar o patimpalak pang-edukasyon o pampaaralan.

GAWAIN: Gumawa ng isang panukalang proyekto gawing gabay ang halimbawang nasa itaas.

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Talumpati | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Nabibigyang-kahulugan ang mga terminong akademiko na may kugnayn sa pagsulat ng talumpati. (**CS_FA11/12PT-Om-o-90** | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian) | | LAS No.:14 |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ang **pagtatalumpati** ay isang proseso o paraan ng pagpapahayag ng ideya o kaisipan sa paraang pasalita na tumatalakay sa isang partikular na paksa. Ito ay karaniwang isinusulat upang bigkasin sa harap ng mga tagapakinig.

Sa pangkalahatan, **may apat na uri ng talumpati**.

1.**Biglaang Talumpati(**Impromptu)- Ang talumpating ito ay ibinibigay nang biglaan o walang paghahanda. Kaagad na ibinibigay ang paksa sa oras ng pagsasalita.

2. **Maluwag** (Extemporaneous)-Kung ang biglaang tlumpati ay isinasagawa nang biglaan o walang paghahanda, sa talumpating ito, nagbibigay ng ilang minuto para sa pagbuo ng ipinahahayag na kaisipan batay sa paksang ibinigay bago ito ipahayag.

3. **Manuskrito-** Ang talumpating ito ay ginagamit sa mga kumbensiyon , seminar o programa sa pagsasaliksik kaya pinag-aaralan itong mabuti at dapat na nakasulat.

4. **Isinaulong Talumpati-** Ito ay kagaya rin ng manuskrito sapagkat ito ay mahusay ring pinag-aralan at hinabi nang maayos bago bigkasin sa harap ng mga tagapakinig.




Uri ng Talumpati Ayon sa Layunin

1. Talumpating Nagbibigay ng Impormasyon o Kabatiran
2. Talumpating Panlibang
3. Talumpating Pampasigla
4. Talumpating Panghikayat
5. Talumpati ng Pagbibigay-galang
6. Talumpti ng Papuri

**GAWAIN**

Ibigay ang kahulugan ng mga terminong nakatala sa bawat bilang tungkol sa pagsulat ng talumpati.

1. Talumpati:_______________________________________________
2. Biglaan o Dagli:___________________________________________.
3. Maluwag na Talumpati:_____________________________________;
4. Manuskrito:_______________________________________________.
5. Isinaulong Talumpati:_______________________________________.

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Paraan sa Pagsulat ngTalumpati | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Nakasusulat ng talumpating nakabatay sa pananaliksik | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), www.google.com | LAS No.:15 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

*Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagsulat ng **Talumpati***

A. ***Uri ng mga Tagapakinig***- Ayon kay Lorenzo, et al, sa kanilang aklat na *Sining ng Pakikipagtalastasang Panlipunan (2002),* ang ilan sa dapat mabatid ng mananalumpati sa kanyang mga tagapakinig.

1. Ang edad o gulang ng mga makikinig
2. Ang bilang ng mga makikinig
3. Kasarian
4. Edukasyon o antas sa lipunan
5. Mga saloobin at dati nang alam ng mga nakikinig

B. ***Tema o Paksang Tatalakayin***-Ayon kina Casanova at Rubin sa kanilang aklat na *Retorikang Pangkolehiyo (2001),* upang higit na maging kawili-wili ang talumpati, dapat makitaan na may sapat na kaalaman ang mananalumpati hinggil sa paksa.

*1.Pananaliksik ng datos at mga kaugnay na babasahin*

*2. Pagbuo ng Tesis*

*3.Pagtukoy sa mga Pangunahing Kaisipan o Punto*

C. ***Hulwaran sa Pagbuo ng Talumpati***

*1.Kronolohikal na Hulwaran* *2. Tropikal na Hulwaran* *3.Hulwarang Problema-Solusyon*

D. **Kasanayan sa Paghabi ng mga Bahagi ng Talumpati**- Ayon kay Alcomitser P. Tumangan, Sr. et.al, may –akda ng *Retorika sa Kolehiyo,* ang isang talumpati ay kailangang magtataglay ng tatlong bahagi. (1) Introduksiyon (2) Diskusyon o Katawan (3) Katapusan o Konklusyon.

**GAWAIN**

Ipagpalagay na ikaw ay naatasan na magtalumpati sa buwan ng wika.Sumulat ng isang talumpati tungkol sa kultura ng pagka-Pilipino.

________________________________________

Pamagat

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Posisyong Papel | | |
| Kasanayang Pampagkatuto :Napagsunod-sunod ang mga hakbang sa pagsulat ng posisyong papel (**CS_FA11/12PU-Od-f-92)** | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang (Zafra) | LASNo.:16 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ayon kay **Jocson**, et al; sa kanilang aklat na *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananliksik (2005)*, ang pangangatwiran ay tinatawag ding pakikipagtalo o argumentasyon na maaaring maiugnay sa sumusunod na mga paliwanag:

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel**

1.*Pumili ng paksang malapit sa iyong puso.* Ang posisyong papel ay kadalasang naglalaman ng mga paniniwala at paninindigan ng may-akda.

2.*Magsagawa ng panimulang pananaliksik hinggil sa napiling paksa.* Ang pagsasagawa ng panimulang pananaliksik ay naglalayong malaman kung may sapat na ebidensyang makalap hinggil sa napiling paksa.

3. *Bumuo ng thesis statement o pahayag ng tesis.* Ayon kina Pamela C. Constantino at Galileo S. Zafra sa kanilang aklat na *Kasanayan sa Komunikasyon II (1997)*, ang pahayag ng tesis ay naglalahd ng pangunahing ideya ng posisyong papel na iyong gagawin.

4. *Subukin ang katibayan o kalakasan ng iyong pahayag ng tesis o posisyon.* Ito ay napakahalagang bahagi sa pagsulat ng posisyong papel.Kailangang mabatid ang mga posibleng hamon na maaaring harapin sa gagawing pagdepensa sa iyong napiling tesis.

5.*Magpatuloy sa pangangalap ng mga kakailanganing ebidensya.*

| *Uri ng Impormasyon* | Uri ng Sangguniang Maaaring gamitin |
|---|---|
| Panimulang impormasyon at pangkalahatang kaalaman tungkol sa paksa | Talatinigan, ensayklopedya, handbooks |
| Mga pag-aaral hinggil sa paksa o isyu | Aklat, ulat ng pamahalaan |
| Mapagkakatiwalaang artikulo | Dyornal na pang-akademiko |
| Napapanahong isyu | Pahayagan, magasin |
| estadistika | Sangay ng pamahalaan at mga organisado/samahan |

**GAWAIN**

**Pagsunod-sunurin** ang hakbang sa pagsulat ng posisyong papel. Lagyan ng bilang 1 hanggang 7 ang patlang.

_______1. Pagbuo ng balangkas ng posisyong papel.
_______2. Pagbuo ng thesis statement o pahayag ng tesis.
_______3. Pagpapatuloy sa pangangalap ng mga kakailanganing ebidensy.
_______4. Pagsasagawa ng panimulang pananaliksik hinggil sa napiling paksa.
_______5. Pagsubok ng katibayan o kalakasan ng iyong pahayag ng tesis o posisyon.
_______6. Pagsulat ng posisyong papel.
_______7. Pumili ng paksang malapit sa iyong puso.

## SHARED OPTIONS

SENIOR HIGH ALTERNATIVE RESPONSIVE EDUCATION DELIVERY

GRADE 12 DLP LEARNING ACTIVITY SHEET

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

K TO 12 PROGRAM

Pangalan: Petsa: Puntos:

Paksa: Akademikong Pagsulat

Paksang Pamagat : Replektibong -Sanaysay

Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang mga katangian ng mahusay na sulating akademiko sa pamamagitan ng mga binasang halimbawa.

**CS_FA11/12PB-0m-0-102**

Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling LASNo.17 Larang(Zafra)

Konseptong Pangnilalaman:

Ayon kay **Alejandro Abadilla**, ang salitang sanaysay ay nangangahulugang nakasulat na karanasan ng isang sanay na sa pagsasalaysay. Ito'y isang akdang pampanitikang nasa anyong paglalahad. Ipinahahayag niya ang sarili niyang pagmalas, kuro-kuro at damdamin. May dalawang uri ng sanaysay: 1.**Pormal**-Ito ay nagbibigay ng patalastas sa isang paraang maayos, mariin at bunga ng isang maingat na pagtitimbang-timbang ng mga pangyayari at mga kaisipan. Tinatawag din itong impersonal o siyentipiko sapagkat ito'y binabasa upang makakuha ng impormasyon. 2. **Impormal**-Tinatawag din itong pamilyar o personal , at nagbibigay-diin sa isang estilong nagpapamalas ng katauhan ng may-akda.

May labindalawang natatanging uri ng sanaysay: (1) nagsasalaysay, (2) naglalarawan, (3)mapag-isip o di-praktikal, (4) kritikal o mapanuri, (5)didaktiko o nangangaral, (6) nagpapaalala, (7)editorial, (8)makasiyentipiko, (9) sosyopolitikal, (10)sanaysay na pangkalikasan, (11)sanaysay na bumabalangkas sa isang tauhan, at (12)mapagdili-dili o replektibo.

**GAWAIN**

Lagyan ng mukhang nakangiti kung tama ang pahayag at ng mukhang malungkot kung mali.

____ 1. Ang paglalahad ay isang detalyado at komprehensibong pagpapaliwanag ng isang bagay, pook o ideya.

____ 2. Ang paglalahad ay tinatawag na *expository writing* sa Ingles.

____ 3. Ang pangunahing layunin nito ay magpaliwanag nang obhetibo at walang pagkampi.

____ 4. Ito ay nagpapahayag ng isang paninindigan.

____ 5. Ito ay nagsasalaysay ng isang kuwento. Ito ay naglalarawan ng isang bagay.

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Sulatin | | |
| Paksang Pamagat : Pagsulat ng Replektibong -Sanaysay | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakasusulat ng organisado, malikhain at kahika hikayat na replektibong sanaysay. **CS_FA11/12PU-Op-r-94** | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang(Zafra) | | LAS No.18 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

Ayon kay **Alejandro Abadilla**, ang salitang sanaysay ay nangangahulugang nakasulat na karanasan ng isang sanay na sa pagsasalaysay. Ito'y isang akdang pampanitikang nasa anyong paglalahad. Ang pangunahing katangian ng sanaysay ay ang pagpapahayag ng may-akda sa kanyang sariling pananaw. Ipinahahayag niya ang sarili niyang pagmalas, kuro-kuro at damdamin. Isa sa mga tiyak na uri ng sanaysay na may kinalaman sa INTROSPEKSYON na pagsasanay o pagbabahagi ng mga naiisip,nadarama, mga pananaw , damdamin hinggil sa isang paksa kung paano nakalikha ng epekto sa awtor.Sa Ingles, ang paglalahad ay tinatawag na expository writing. Ito ay hindi nagsasalaysay ng isang kuwento. Ito ay hindi rin naglalarawan ng isang bagay at hindi rin paninindigan.

**Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay**

1. Dapat may tiyak na paksa 2. Isulat gamit ang unang panauhang panghalip (ako,ko,akin) 3. Magtaglay ng katotohanan 4. Gumamit ng pormal na salita 5. Gawing malinaw at madaling maunawaan sng pagpapaliwanang ng ideya 6. Sundin ang tamang istruktura ( introduksyon , katawan at konklusyon 7. Lohikal at organisado ang mga talata.

**Pagsasanay:**

Gamitin nang makatotohanan ang iyong natutuhan sa araling ito. Sumulat ng isang replektibong sanaysay batay sa napili mong paksa sa ibaba . Isaalang-alang ang pamantayan sa pagsulat.

LIBRONG KATATAPOS MO LAMANG BASAHIN

KATATAPOS NA PROYEKTO HINGGIL SA PANANALIKSIK

PAGSALI SA ISANG PANSIBIKONG GAWAIN

☺

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Sulatin | | |
| Paksang Pamagat : Lakbay -Sanaysay | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Naibabahagi ang karanasan sa paglalakbay at nakabubuo ng isang realisasyon mula sa biasing halimbawa. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang(Zafra) | LASNo.19 | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

Ang **Lakbay-Sanaysay** ay tinatawag ding travel essay o travelogue. Ito ay isang uri ng lathalaing ang pangunahing layunin ay maitala ang naging karanasan sa paglalakbay. Ayon kay Nonon Carandang, Ito ay tinatawag niyang *sanaylakbay* kung saan ayon sa kanya ay may tatlong konsepto: sanaysay, sanay, at lakbay .

**Mga Dahilan ng Pagsulat ng Lakbay-Sanaysay**

Ayon kay Dr. Lilia Antonio, et al sa kanilang aklat na *Malikhaing Sanaysay* (2013), may apat na pangunahing dahilan ng pagsusulat ng lakbay-sanaysay. Una, upang itaguyod ang isang lugar at kumita sa pagsusulat. Tulad ng *travel blog,* kung saan ito ay maituturing na isang libangan. Pangalawa, layunin din nitong makalikha ng patnubay para sa mga posibleng manlalakbay. Pangatlo, sa lakbay-sanaysay, maaari ring itala ang pansariling kasaysayan sa paglalakbay tulad ng espiritwalidad, pagpapahilom, o kaya'y pagtuklas sa sarili. Kadalasang naisasagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng *daily journal o diary*. Pang-apat ay upang maidokumento ang kasaysayan, kultura, at heograpiya ng lugar sa malikhaing pamamaraan.

REALISASYON – ito ay konklusyon sa isang bagay na kung saan pinag-iisipan nang mabuti, napapahalagahan at natutunan sa buhay mula sa ginawang bagay at ideya na maaaring magamit sa pang-araw-araw na buhay .

GAWAIN: Basahin ang halimbawa sa ibaba at BUMUO ng isang REALISASYON

**BAGUIO TRIP**

Bilang isang kabataan, nais kong pumunta sa iba't ibang lugar na may iba't ibang tanawin. Lalong lalo na ang mga lugar na talaga namang tinatangkilik ng mga turista, mapadayuhan man na galing ibang bansa o yung mga taong doon na mismo sa lugar na yon lumaki at nagkaisip. Hindi ko ginagawa ito upang magbakasyon lamang at magmuni – muni kundi para malaman ko kung saan at paano nga ba ganoon ang tawag sa lugar na iyon. At bakit nga ba ito tinatangkilik at dinadayo ng mga turista. Masayamg gawin ito pag kasama mo ang mga mahal mo sa buhay lalong lalo na ang *PAMILYA.*

Isa sa napuntahan ko kasama ang aking pamilya ay ang lugar na Baguio. Ang Baguio ay isa sa mga sikat na lugar dito sa Pilipinas lalong lalo na sa North Luzon, kilala ito bilang *Summer Capital of the Philippines* hindi dahil mainit dito ngunit dahil napakalamig dito lalong lalo na kapag bumagsak ang temperatura dito kapag sumasapit na ang kapaskuhan. Talaga namang dinadayo ito ng maramimg tao dahil para sa kanila dito masarap ipagdiwang ang *KAPASKUHAN* kasama ang iyong mga mahal sa buhay.

☺

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Sulatin | | |
| Paksang Pamagat : Pagkilala sa Lakbay - Sanaysay | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Natutukoy ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng lakbay-sanaysay. | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), Filipino sa Piling Larang(Zafra) | LASNo.20 | |

**Konseptong Pangnilalaman:**

**Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Lakbay-Sanaysay**

1.**Magkaroon ng kaisipang manlalakbay sa halip na isang turista.**Kasabay ng kanyang paglalakbay sa iba't ibang lugar ay sinisikap niyang maunawaan ang kultura, kasaysayan, heograpiya, hnapbuhay, pagkain, at maging uri ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao.

2.**Sumulat sa unang panauhang punto de-bista.** Ginagamit sa pagsulat ng lakbay-sanaysay ang unang panauhang punto de bista.

3.**Tukuyin ang pokus ng susulating lakbay-sanaysay.**Mahalaga ring matukoy kung ano ang magiging pokus ng susulating lakbay-sanaysay batay sa *human interest.*

4. **Magtala ng mahahalagang detalye at kumuha ng mga larawan para dokumentasyon habang naglalakbay.** Ang mga pangunahing gamit na dapat dala ng taong susulat ng lakbay-sanaysay ay ang panulat, kuwaderno o dyornal o camera.

5. **Ilahad ang mga realisasyon o mga natutuhan sa ginawang paglalakbay.** Ito ang magsisilbing pinakapuso ng sanaysay kung saan ditto ibabahagi sa mga mambabasa ang mga gintong aral na nakuha bunga ng epekto ng ginawang paglalakbay.

6. **Gamitin ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.** Sikaping ang susulating sanaysay ay maging mlinaw, organisado, lohikal, at malaman.Gumamit ng akmang salita at maaari ring gumamit ng mga tayutay, idiom, o matatalinghagng mga salita upang maging masining ito.

**Pagsasanay:**

Lagyan ng tsek tat sulok ( ) ang pahayag kung ito'y tumutukoy sa mga bagay na dapat tandaan sa pagsulat ng lakbay-sanaysay at bilog naman ( ) ang mali. Maglagay ng maikling paliwanag sa iyong sagot sa nakalaang linya.

______1.Ang pagsulat nito ay dapat na nasa ikalawang panauhan.______________________
____________________________________________________________________.

______2.Mahalagang mailahad ang mga realisasyon o mga natutuhan sa pagsulat. ________
____________________________________________________________________.

______3.Hindi kailangang maging organisado, malinaw, at obhetibo sa pagsulat ng ganitong uri ng Sulatin.____________________________________________________________.


_____ 4. Maaari ring gumamit ng mga tayutay at idiom sa pagsulat.___________________
____________________________________________________________________.

______5. Sa lakbay-sanaysay, makatutulong nang malaki kung makukunan ng litrato ang lugar, tao o pangyayari upang maisama sa bubuoing sulatin._______________________________
____________________________________________________________________.

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Sulatin | | |
| Paksang Pamagat : Pictorial Essay o Larawang Sanaysay | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakasusulat ng organisado, malikhain at kahika-hikayat na lakbay-sanaysay.(**CS_FA11/12PU-Op-r-94)** | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), https://brainly.com/ | | LAS No.21 |

**Konseptong Pangnilalaman:**

Ang isang Pictorial Essay o larawan na sanaysay ay isang uri ng pang-edukasyon na artikulo na naglalayong magbigay ng parehong tekstuwal at visual na paglalarawan ng isang paksa na isyu. Ito ay kadalasang binubuo ng isang maikling unstructured abstract, maikling pagpapakilala, subheadings upang ayusin ang mga material at isang buod.




Malinaw ang pahayag sa unang tingin pa lamang.

*Kalikasan ng Pictorial Essay*

Ang mga larawan ang pangunahing nagkukwento samantalang ang teksto ay maaaring suporta lamang.. Ang isang deskripsiyon ng larawan ng pictorial essay ay hindi dapat lalagpas ng 60 na salita. Simple lang dapat at hindi pupunuin ng mga salita. Inaayos ayon sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod o ayon sa damdaming gusting ipahayag.



***Ang Banaue Rice Terraces*** ay matatagpuan sa lalawigan ng Nueva Viscaya. Ito ay ginawa ng mga sinaunag Pilipino. Ito ay 2,000 taong gulang na. Dinarayo ito ng mga turista dahil sa likas na ganda nito at ito rin ay maipagmamalaki ng mga Pilipino dahil sa gawang tao at pinaghirapan ito ng mga sinaunang Pilipino.

**Pagsasanay:** Sumulat ng Isang Pictorial Essay o Larawang – Sanaysay at gumamit ng larawan

| |
|---|
| **Idikit ang larawan** |

Takdang-Aralin : Magsaliksik ng kahulugan ,gamit, layunin ,katangian ng isang Pictorial Essay/Larawang –sanaysay

| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Akademikong Pagsulat | | |
| Paksang Pamagat : Pagtukoy sa Kahulugan , Layunin, Gamit, at Katangian ng Pictorial Essay/Larawang Sanaysay | | |
| Kasanayang Pampagkatuto : Nakikilala ang pictorial essay / Larawang Sanaysay ayon sa layunin, gamit, at katangian .(**CS_FA11/12PN-Oa-c-90** | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), https:// brainly.com/ | | LAS No.22 |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

Ang isang ***PICTORIAL ESSAY*** ay isang sulatin kung saan higit na nakararami ng larawan kaysa sa salita o panulat. May pagkakataong nakaugnay ito sa isang lakbay-sanaysay lalo na't karamihan ng lakbay-sanaysay ay may kasamang larawan. Sa pagsulat ng pictorial essay dapat lamang tandaan ang sumusunod:

Ang paglalagay ng larawan ay dapat na isinaayos o pinag-isipang mabuti sapagkat ito ang magpapakita ng kabuuan ng kuwento o kaisipang nais ipahayag.

Ang mga nakatalang sulat o katitikan sa bawat larawan ay suporta lamang sa mga larawan kaya't hindi ito kinakilangang napakahaba o napakaikli. Kailangang mktutulong sa pag-unawa at makapukaw sa interes ng mambabasa o titingin ang mga katitikang isusulat dito.

May isang paksang nais bigyang-diin sa mga larawan kaya't hindi maaaring maglagay ng mga larawang may ibang kaisipan o lihis sa paksang nais bigyang-diin. Kailangang maipakita sa kabuoan ang layunin ng pagsulat o paggawa ng pictorial essay.

Isipin ang mga manonood o titingin ng iyong photo essay kung ito ba ay mga bata, kabataan, propesyonal, masa upang maibatay sa kanilang kaisipan at interes ng mga larawang ilalagay gayundin ang mga salitang gagamitin sa pagsulat ng mga *caption.*

**Pagsasanay:**

| | Pictorial Essay |
|---|---|
| Kahulugan | |
| Katangian | |
| Layunin | |
| Gamit/ Kahalagahan sa taong nagsulat at makababasa nito | |

3SHARED OPTIONS



| Pangalan: | Petsa: | Puntos: |
|---|---|---|
| Paksa: Portfolio | | |
| Paksang Pamagat : Pagbuo ng Malikhaing Portfolio ng mga produktong sulatin | | |
| Kasanayang Pampagkatuto Nakabubuo ng malikhaing portfolio ng mga orihinal na sulating akdemik na naayon sa format at teknik **(CS_FA11/12PU-Os-t-96)** | | |
| Sanggunian : Pinagyamang Pluma (Ailene B. Julian), https:// brainly.com/ | LAS No.23 | |

**KONSEPTONG PANGNILALAMAN:**

Ang *Portfolio* ay isang koleksyon na binubuo ng mga material na nagawa ng mag-aaral bilang bahagi ng kaniyang takdang-aralin, proyekto ng grupo, mga gamit sa report, mga eksamen, at iba pa saloob ng isang semester, grading period o isang taon.

Mahalaga ang *portfolio* dahil nabibigyang-diin nito ang pagkatutong batay sa pagsasagawa ng gawain at pagtatamo ng kaalaman, kasanayan at attitude sa pag-aaral.

Tatlo ang pangunahing uri ng portfolio(Prince George's County Public School):

1.*Portfolio ng Dokumentasyon, 2. Portfolio ng Proseso at 3. Portfolio ng pinakamahusay n gawa.*

Narito ang ilang pangunahing hakbang sa pagbuo ng portfolio.

*1. Pagpaplano, 2. Pagkolekta ng Materyal at 3.Paggawa ng sariling ebalwasyon*

**GAWAIN:**

**1.**Sumulat ng pabalat ( cover page ) , Panimula , Pasasalamat , Taalan ng Nilalaman

2. Ikompayl ang lahat na nilalaman ng portfolio. Gawin itong malikhain.




3.Ilagay ito sa Expanded folder